

## Mga Tagubilin sa GI Endoscopy ng ZSFG – Upper GI Endoscopy

PETSA NG APPOINTMENT: \_\_\_\_\_ ORAS NG APPOINTMENT: \_\_\_\_\_

- Kung may check ang kahon, dapat kayong pumunta sa isang appointment sa Preop Anesthesia Clinic: \_\_\_\_\_

**PAGPAPAREHISTRO:** Mag-check in sa main lobby ng **building 25**. Sumakay ng elevator papuntang **floor G** at pumasok sa **room G1 (waiting room)**.

<b>7 ARAW BAGO ANG PROCEDURE:</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● Ihinto ang pag-inom ng mga iron pill (ferrous sulfate).</li> </ul>
<b>MGA ASPIRIN AT ANTI-COAGULANT NA MEDIKASYON</b>	<p><i>MALIBAN NA LANG KUNG MAY NAKA-CHECK NA KAHON SA IBABA, IPAGPATULOY ang pag-inom ng mga aspirin at anticoagulant na medikasyon ayon sa reseta.</i></p> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="checkbox"/> Huminto sa pag-inom ng aspirin, ibuprofen, at naproxen <b>7 araw bago ang procedure.</b></li> <li><input type="checkbox"/> Huminto sa pag-inom ng clopidogrel (Plavix) <b>7 araw bago ang procedure.</b></li> <li><input type="checkbox"/> Huminto sa pag-inom ng warfarin (Coumadin) <b>5 araw bago ang procedure.</b></li> <li><input type="checkbox"/> Huminto sa pag-inom ng rivaroxaban (Xarelto), apixaban (Eliquis) dabigatran (Pradaxa), o edoxaban (Savaysa) <b>2 araw bago ang procedure.</b></li> <li><input type="checkbox"/> Huwag uminom ng enoxaparin (Lovenox) <b>sa araw ng procedure.</b></li> </ul>
<b>1 ARAW BAGO ANG PROCEDURE:</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● Kumain ng mga kaunting hain lamang ng pagkain hanggang hatinggabi. Huwag kumain ng solid na pagkain pagkalampas ng hatinggabi.</li> <li>● <b>Kung mayroon kayong diabetes:</b> Inumin ang kalahati ng inyong mga gamot at/o kalahating dosis ng insulin.</li> </ul>
<b>ARAW NG PROCEDURE:</b>	<ul style="list-style-type: none"> <li>● <b>Kung mayroon kayong diabetes:</b> Huwag uminom ng mga gamot para sa diabetes o insulin ngayong araw.</li> <li>● <i>INUMIN ANG LAHAT NG IBA PA NINYONG REGULAR NA MEDIKASYON</i> maliban na lang kung sasabihan kayo na huwag inumin ang mga ito.</li> <li>● Ayos lang na uminom ng mga clear liquid hanggang sa 3 oras bago dumating.</li> </ul>

*Kung kailangan ninyong kanselahin/i-reschedule ang inyong konsultasyon, o kung mayroon kayong anumang tanong, pakitawagan kami sa (628) 206-8823. Puwede kayong manood ng maikling video tungkol sa mga tagubiling ito sa:*  
<http://www.sfhealthnetwork.org/need-to-visit-a-specialist-doctor/gastroenterology>

## Mga Tagubilin sa GI Endoscopy ng ZSFG – Upper GI Endoscopy

	<ul style="list-style-type: none"><li>● Magpasama sa isang responsableng nasa hustong gulang para ihatid kayo pauwi (kung wala kayong maisasamang nasa hustong gulang pauwi, tumawag sa 628-206-0171 at puwede kaming mag-ayos ng masasakyan ninyo).</li></ul>
	<ul style="list-style-type: none"><li>● Kung sasailalim din kayo sa BRAVO pH test sa parehong araw, makakatanggap kayo ng hiwalay na mga tagubilin.</li></ul>

***Kung kailangan ninyong kanselahin/i-reschedule ang inyong konsultasyon, o kung mayroon kayong anumang tanong, pakitawagan kami sa (628) 206-8823. Puwede kayong manood ng maikling video tungkol sa mga tagubiling ito sa: <http://www.sfhealthnetwork.org/need-to-visit-a-specialist-doctor/gastroenterology>***

## Mga Tagubilin sa GI Endoscopy ng ZSFG – Upper GI Endoscopy

### Ano ang upper endoscopy?

Ang upper endoscopy (kilala rin bilang EGD) ay isang test na isinasagawa para suriin ang upper digestive tract. Habang nasa procedure, titingnan ng doktor ang lining ng inyong esophagus, tiyan, at ang unang bahagi ng inyong maliit na bituka gamit ang isang manipis na flexible na tube na tinatawag na endoscope. Kung may makikitang mga growth o iba pang abnormalidad sa procedure, ang tagabigay ng serbisyo ay puwedeng magsagawa ng biopsy o pag-aalis ng abnormal na tisyu para sa karagdagang eksaminasyon.

Magplanong maglaan ng hanggang dalawang oras sa endoscopy center sa araw ng inyong procedure. Aabot nang humigit-kumulang 15 minuto ang mismong procedure.

### Ano ang mangyayari bago ang upper endoscopy?

- Magpapalit kayo ng gown.
- Kakabitan kayo ng nars ng intravenous (IV) line sa inyong kamay o braso.
- Susuriin ang inyong medikal na history kaharap kayo, at bibigyan kayo ng mga form ng pahintulot para lagdaan.

### Ano ang mangyayari habang isinasagawa ang upper endoscopy?

- Bibigyan kayo ng gamot sa pamamagitan ng IV line para tulungan kayong mag-relax at antukin.
- Susubaybayan ang tibok ng inyong puso, presyon ng dugo, at antas ng oxygen.
- Ipapasok ng doktor ang endoscope sa inyong bibig at dahan-dahan niya itong itutulak papasok ng esophagus, tiyan, at duodenum (unang bahagi ng inyong maliit na bituka).
- Sa procedure, puwede kayong maduwal o puwede kayong makaramdam ng pressure o pagkabundat.
- Kung may makikitang abnormal na tissue, puwedeng kumuha ng mga biopsy ang doktor gamit ang endoscope para sa mas masusing eksaminasyon. Walang kirot ang pag-aalis ng tissue.

### Ano ang mangyayari pagkatapos ng upper endoscopy?

- Kakausapin kayo ng nars tungkol sa mga resulta ng inyong upper endoscopy.
- Maghahanda ang doktor ng kumpletong ulat para sa doktor na nag-refer sa inyo para sa endoscopy at bibigyan niya kayo ng kopya na iuuwi sa bahay.
- Puwede kayong makaramdam ng kabag o pananakit ng lalamunan. Normal ito at mawawala rin agad.
- Dahil sa medikasyong ibibigay habang nasa upper endoscopy, hindi kayo makakapagmaneho sa buong araw. Dapat kayong umiwas sa pag-inom ng alak sa loob ng 24 oras pagkatapos ng procedure. Bukod dito, makakabalik na kayo sa mga regular ninyong aktibidad at diyeta pagkatapos ng procedure.
- Bibigyan kayo ng nars ng kumpletong tagubilin sa pag-discharge bago kayo umalis ng endoscopy center.

***Kung kailangan ninyong kanselahin/i-reschedule ang inyong konsultasyon, o kung mayroon kayong anumang tanong, pakitawagan kami sa (628) 206-8823. Puwede kayong manood ng maikling video tungkol sa mga tagubiling ito sa:***  
<http://www.sfhealthnetwork.org/need-to-visit-a-specialist-doctor/gastroenterology>